

Mga Palatandan ng Ilegal na Pangangalakal ng Tao

Ang ilegal na pangangalakal ng tao ay itinuturing na karumal-dumal na mga paglabag ng mga karapatang pantao kung saan pinagkakaitan nila ang mga tao ng kanilang kalayaan at nilalabag ang kanilang dignidad. Sa kabila ng mga pagsusumikap ng mga bansa sa buong mundo na labanan ang mga ito, ang bisa ng mga pagsusumikap na ito, gayunpaman, ay nangangailangan ng karagdagang kamalayan ng buong mundo, internasyonal na pagtutulungan at patuloy na koordinasyon.

Ang Kaharian ng Saudi Arabia ay gumagamit ng patuloy at matagalang mga pagsusumikap para labanan ang mga krimen ng ilegal na pangangalakal ng tao batay sa mga obligasyon nito sa mga probisyon ng Islamikong Shariah, kung saan ipinagbabawal ang lahat ng anyo ng paglabag sa dignidad ng tao, at binibigyang-diin ang paggalang at pangangalaga ng kanilang mga karapatan.



Hindi lamang naglabas ang Saudi Arabia ng mga batas at regulasyon para labanan ang mga krimen ng ilegal na pangangalakal ng tao, ngunit naging masigasig rin sa paggamit ng mga kinakailangang pagsusumikap para sa pagpapatupad, at pagsunod sa mga regulasyon na ito gayundin ang paghahanap ng mga mekanismo sa pagpapatupad para tiyakin ang pagsasakatuparan nito.

Sa kabila ng maraming uri at anyo ng ilegal na pangangalakal ng tao na nagkakaiba sa bawat bansa depende sa mga kondisyong pangkabuhayan at panlipunan ng bawat bansa, mayroong mga kriminal na dapat litisin at mga biktima na nangangailangan ng pangangalaga at tulong bukod sa pagtugon sa mga epekto ng krimen na ginawa laban sa kanila na nagdulot sa kanila ng mga malubhang pinsala.

Mayroong mga mahalagang katangian at palatandaan para matukoy ang mga ilegal na ikinalakal na biktima at makilala sila bilang mga biktima, ang bagay na tumutulong para mailigtas sila at ihanda sila para makatanggap ng tulong at proteksyon, kaya ang mga tauhan para sa seguridad, hustisya, pangangalagang medikal, mga serbisyong panlipunan, at ibang may kakayahang tauhan ay kailangan makilala ang mga palatandaan na ito na tumutulong sa kanila para malaman at makilala ang mga biktima ng ilegal na pangangalakal ng tao.

Mga Pangkalahatang Palatandaan ng Ilegal na Pangangalakal sa Mga Tao

Ang mga ilegal na ikinalakal na tao ay maaaring ilarawan ng ilan sa mga sumusunod:

- Nagpapakita ng mga palatandaan na sinusubaybayan o kinokontrol ang kanilang mga paggalaw.
- Nagtatrabaho sa isang partikular na lugar kung saan hindi sila pinahihintulutang umalis.
- Naniniwala na kailangan nilang magtrabaho nang labag sa kalooban at sila ay may pasan na mga utang.
- Mukhang natatakot at balisa.
- Sumasailalim sa karahasan at maaaring magdusa mula sa mga pinsala na nagreresulta mula sa pagsailalim sa pang-aatake.
- Sumasailalim sa banta ng pinsala o ng isa sa miyembro ng kanilang pamilya.
- Nagdurusa mula sa mga pinsala o kapansanan na karaniwang pinagdurusahan ng mga nagtatrabaho sa ilang mga trabaho.
- Ay sasailalim sa banta ng deportasyon sa mga opisyal na awtoridad.
- Takot sa pagsasabi ng kanilang sitwasyon na sumasalungat sa tirahan at mga sistema ng trabaho.
- Hindi hawak ang kanilang mga pasaporte o mga dokumentong nagpapatunay ng kanilang pagkakilanlan dahil ang mga dokumentong ito ay hawak ng ibang tao.
- Pagkakaroon ng mga palsipikadong pasaporte at mga dokumento ng pagkakilanlan.
- Hindi nagsasalita o hindi mahusay sa lokal na wika.
- Hindi alam ang lugar ng kanilang tirahan o address ng trabaho.



- Pinapayagan ang iba na magsalita para sa kanila kapag direkta silang kinakausap ng ibang tao, at sila ay nasa kalagayan ng umaasa.
- Kumikilos na parang mayroon silang mga utos mula sa ibang tao.
- Hindi magawang makipagkasundo para sa mga kondisyon sa trabaho.
- Tumatanggap ng isang maliit na bayad o nagtatrabaho nang libre.
- Nakakaranas ng pisikal at berbal na pagpaparusa.
- Pinipilit na magtrabaho sa ilalim ng hindi patas na mga kondisyon.
- Hindi makuha ang mga suweldo na kanilang kinita.
- Walang mga araw ng pagliban sa trabaho.
- Nagtatrabaho nang napakahabang oras.
- Mayroong limitado o walang kontak sa kanilang mga pamilya o sa mga nasa labas ng kanilang panlipunan na kapaligiran.
- Hindi magawang makipag-usap nang malaya.
- Nakatira sa masama o mababang kalidad na mga lugar.
- Walang pangangalagang medikal.
- Hinihikayat na magtrabaho batay sa mga maling pangako.
- Nanggagaling sa mga bansa at lugar na kilala bilang pinanggagalingan ng ilegal na pangangalakal ng tao.
- Nakatira sa o nang may kaugnayan sa mga lugar na ginagamit para sa pananamantala at pangangalakal sa tao.
- Nagbayad ng mga bayarin para ilipat sa pupuntahang bansa at dapat magtrabaho at magbigay ng mga serbisyo sa ibang tao para sa layunin na ito sa pupuntahang bansa.

Mga Palatandaan ng Sapilitang Pagtatrabaho

Ang ilegal na ikinalakal na mga tao na may layuning sapilitang magtabaho ay maaaring ilarawan ng mga sumusunod:

- Nakatira sa parehong lugar bilang mga grupo kung saan sila nagtatrabaho at bihirang iwan ito.
- Nakatira sa mga hindi naaangkop na lugar.
- Hindi nagsusuot ng mga damit na nakalaan para sa ginagawa nilang trabaho.
- Hindi makuha ang mga suweldo na kanilang kinita.
- Walang kontrata ng trabaho.
- Masyadong mahaba ang oras ng kanilang trabaho.
- Umaasa sa employer para makakuha ng maraming serbisyo tulad ng sasakyan at pabahay.
- Hindi binigyan ng karapatang pumili ng lugar na tirahan.
- Kailanman hindi umaalis sa pinagtatrabahuhan maliban kung sasamahan ng employer.
- Hindi makakilos nang malaya.
- Sumasailaim sa mga hakbang na panseguridad na ginawa para panatilihin sila sa pinagtatrabahuhan.
- Pinaparusan ng mga multa.
- Sumasailaim sa mga pang-iinsulto, pagmamaltrato, mga banta o karahasan.
- Walang access sa mga pangunahing pagsasanay at mga lisensyang pangpropesyonal.



Dagdag pa rito, ang pag-iral ng mga taong sumasailalim sa sapilitang pagtatrabaho ay maaaring makilala sa pamamagitan ng pag-observa sa mga sumusunod:

- Ang pag-iral ng mga patalastas sa pinagtatrabahuhan sa mga wika maliban sa lokal na wika.
- Kakulangan ng mga patalastas tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa lugar ng trabaho.
- Ang kawalan ng kakayahan ng employer ng magpakita ng mga may kaugnayang dokumento sa pagkuha ng mga manggagawa mula sa ibang mga bansa.
- Ang kawalan ng kakayahan ng employer na magpakita ng mga talaan ng sahod at suweldong binayaran sa mga manggagawa.
- Ang kagamitan ay idinisenyo o binago para mapaandar ang mga ito ng mga bata.
- Ang pag-iral ng mga palatandaan na nagpapakita ng ebidensiya ng paglabag sa mga batas sa paggawa.

Mga Palatandaan ng Pananamantala Sa manggagawang Nagtatrabaho sa Bahay

Ang manggagawang nagtatrabaho sa bahay na sumasailalim sa pananamantala ay inilalarawan ng mga sumusunod:

- Walang espesyal na lugar para magpahinga at matulog.
- Natutulog sa isang karaniwan o hindi naaangkop na lugar.
- Isinusumbong ng employer na tumakas ang mga ito o umalis sa trabaho kahit nakatira pa rin ang mga ito sa kanyang bahay.
- Hindi umaalis ng bahay para makisalamuha.
- Hindi umaalis ng bahay maliban kung sasamahan ng employer.
- Walang makain na pagkain kundi mga tira-tira.
- Sumasailalim sa mga pang-iinsulto, pagmamaltrato, pagbabanta o karahasan.



Mga Palatandaan ng Ilegal na Pangangalakal ng Bata

Ang mga bata na ilegal na ikinalakal ay maaaring ilarawan ng mga sumusunod:

- Hindi nila maaaring kausapin ang kanilang mga magulang o pamilya.
- Mukha silang takot at kumikilos sa isang paraan na hindi naaayon sa karaniwang pagkilos ng mga bata sa kanilang edad.
- Wala silang mga kaibigan na pareho ng kanilang edad na lampas sa saklaw ng trabaho.
- Hindi sila pumapasok sa paaralan at hindi sila maaaring mag-aral.
- Nakatira sila sa mga lugar na hindi sapat para matirahan.
- Malayo ang kanilang pagkain sa ibang mga miyembro ng (pamilya).
- Binibigyan lamang sila ng mga tira-tirang pagkain.
- Nagtatrabaho sila na hindi naaangkop para sa mga bata.
- Mag-isa silang nagbibiyaha nang walang mga kasama o nang magkakagrupo kasama ang mga tao na hindi mga kamag-anak.

Dagdag pa rito, ang pagkakaroon ng ilegal na ikinakalakal na mga bata ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pag-observa sa mga sumusunod:

- Sinasabi ng isang nasa hustong gulang na nakita ang bata nang walang kasama.
- Ang pagtuklas ng mga kaso na kinasasangkutan ng ilegal na pag-aampon.
- Makikita ang mga bata na walang mga kasama, at may dalang mga numero ng telepono para tumawag ng mga taksi.
- Ang pagkakaroon ng mga damit na may mga sukat na pambata, na karaniwang isinusuot para sa paggawa ng manu-manong trabaho.
- Ang pag-iral ng mga laruan, mga kama at mga damit na pambata na hindi naaangkop sa mga lugar tulad ng mga pabrika.

Mga Palatandaan ng Ilegal na Pangangalakal na Nilalayong Manlimos

Ang mga taong ilegal na ikinalakal sa layunin ng panlilimos at paggawa ng mga maliliit na krimen ay maaaring ilarawan ng mga sumusunod:

- Pagiging mga bata, matanda o mga imigrante, na kalimitang nanlilimos sa mga pampublikong lugar.
- Pagkakaroon ng mga pisikal na kapasanan na tila idinulot ng pagputol.
- Pagiging mga bata na pare-pareho ang nasyonalidad o grupo ng etniko na nagbibiyaha nang magkakagrupo, kasama ang ilang mga nasa hustong gulang.
- Pagiging menor de edad na walang mga kasama (na natagpuan) ng mga nasa hustong gulang na pareho ang nasyonalidad o grupo ng etniko.
- Lumalahok sa mga aktibidad ng mga itinatag na gang ng kriminal.
- Kabilang sa mga gang ng parehong nasyonalidad o grupo ng etniko.
- Pinaparusahan kung hindi sila mangongolekta o magnanakaw ng sapat na pera.
- Nagbibiyaha papunta sa patutunguhang bansa kasama ang mga miyembro ng kanilang mga gang at nakatira sa mga ito.
- Nakatira kasama ang mga nasa hustong gulang na hindi nila mga ama o ina.
- Lumilipat araw-araw sa malalayong lugar nang magkakagrupo.
- Paglipat ng mga pinaghihinalaang biktima sa loob ng isang panahon sa iba't-ibang mga bansa.
- Panlilimos o paggawa ng mga maliliit na krimen ng mga pinaghihinalaang biktima sa isa pang bansa.



Mga Palatandaan ng Sekswal na Pananamantala

Ang mga taong ilegal na ikinalakal sa layunin ng sekswal na pananamantala ay maaaring ilarawan ng mga sumusunod:

- Sila ay sinasamahan at sinusubaybayan ng mga ilegal na nangangalakal sa kanila, dagdag pa sa paghihigpit ng kanilang malayang pagkilos.
- Mayroon silang isang tatu o iba pang mga palatandaan na nagsasaad ng «pagmamay-ari» ng kanilang mga tagapagsamantala.
- Natutulog sila kung saan sila nagtatrabaho.
- Nakatira at nagbibiyaha sila nang magkakagrupo.
- Hindi nila alam ngunit ang mga salita na may kaugnayan sa pakikipagtalik ay nasa lokal na wika.
- Wala silang sariling pera.
- Hindi sila makapagbigay ng mga dokumento na nagsasaad ng kanilang pagkakakilanlan.